

Antas ng Kasanayan sa Pagtatayang Pangklasrum sa mga Asignaturang Filipino

MARVEL S. MALAQUE

SHS Teacher III

Zamboanga Sibugay National High school

marvel.malague@deped.gov.ph

Abstrak — Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibo-kwalitatibong uri ng pananaliksik na may disenyong sequential explanatory. Pangunahing layunin nito ang tayahin ang kasanayan ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino. Bilang ng taon sa serbisyo at edukasyong natamo ng mga kalahok ang mga baryabol sa pag-aaral na ito.

Purposive enumeration sampling naman ang paraan na ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng 32 na mga kalahok. Gumamit din ng istandardisadong instrumento, ang Classroom Observation Tool mula sa Individual Performance Commitment and Review Form (IPCRF) at talatanganan (survey questionnaire) na binubuo ng limang tanong para sa isinagawang Focus Group Discussion (FGD) para matugunan ang mga layunin ng pag-aaral.

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa teoryang Zone of Proximal Development ni Vygotsky (1978) sa paniniwalang ang angkop na pagtataya ay nakapagdudulot ng tagumpay sa mga mag-aaral sapagkat naipakikita nila ang sariling kaalaman, pag-unawa at mga taglay na kasanayan.

Batay sa resulta ng pagsusuri, natukoy na ang pangkalahatang antas ng kasanayan ng mga kalahok sa pagtatayang pangklasrum partikular sa kasanayan ng mga gurong magdisenyo, pumili, bumuo, at gumamit ng mga pagtatayang diagnostic, formative, at summative, mga estratehiyang alinsunod sa pagpapaunlad ng kurikulum ay may antas na lubhang kasiya-siya (very satisfactory). Ibig sabihin, ang mga guro ay nasa proseso ng consolidating na nangangahulugang ang mga guro ay gumagamit ng mga magkakaugnay na mga aspekto ng pagtuturo sa mga pagtatayang pangklasrum at palagiang nakahanay sa paglinang ng mga mag-aaral at sumusuporta para sa tagumpay ng mga mag-aaral.

Napag-alaman ding ang bilang ng taon sa pagtuturo at natamong edukasyon (Educational Attainment) ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino. Nangangahulugan lamang na ang mga bilang ng taon sa serbisyo ng mga guro ay walang kaugnayan sa kanilang kasalukuyang antas.

Mga susing salita: — Pagtataya, Pagtatayang Pangklasrum, Diagnostic, Formative, Summative

I. Introduction

Sa makabagong panahon, ang guro at mga estudyante ay nahaharap sa mukha ng pagbabago, sa pagtuturo at pagkatuto. Hindi maipagkakait na malaki ang naging epekto ng impluwensya ng midya at makabagong teknolohiya sa komunidad. Maraming mga impormasyon ang mabilis kumalat at ang antas ng pagkatuto ng mga estudyante ay patuloy ding tumataas. Ang malaking palaisipan dito ay kung paano epektibong masusukat ng guro ang kaalaman at ang natutunan ng mga estudyante sa loob ng klasrum.

Ayon kay Airasian (1994), ang pagtatayang pangklasrum ay isa sa mga napakahalagang bagay na magagamit upang malaman ng mga guro ang totoong pangangailangan ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Sa pahayag na ito, sinasabing ang pagtataya ay mahalagang kasangkapan upang masukat ng guro ang kaalamang natamo ng mga estudyante. Matutuklasan ng guro ang mga kalakasan at kahinaan ng bawat indibidwal. Kung gayon, mabibigyang gabay siya upang mas mapaunlad ang paraan ng pagtuturo at mabigyang direksyon ang mga estudyante tungo sa pagkatuto. Ang nakaugaliang tradisyonal na pagtataya ay ang kadalasang ginagamit ng mga guro sa pagsukat sa natamong kaalaman ng estudyante. Binigyang pokus nito ang pangkabuuang aspeto ng isang indibidwal ngunit hindi nalilining sa ganitong paraan ang kaalaman at kasanayan.

Maraming mga estudyante ang nahihirapan at hindi gaanong umaangat sa tradisyonal na pagtataya, ang tinatawag na pasulat na pagsusulit. Samantalang, kung sa mga interaktibong mga gawain, nagiging aktibo sila at masasabing sila ay umaangat sa antas ng kasanayan.

Kung kaya, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpalabas ng Kautusang Pangkagawaran blg. 8 serye ng 2015. Ang kautusang ito ay alinsunod sa hangarin ng kasalukuyang kurikulum na magkaroon ng isang holistikong mag-aaral kaya naman ang kasalukuyang pamamaraan din ng pagtataya ay masasabing holistiko sapagkat tinataya nito ang kabuoang lawak ng natutuhan at kakayahan ng mga mag-aaral sa lahat ng aspetong pang-akademiko.

Sa simula ng implementasyon ng kautusang ito, masasabi nating maraming guro ang hindi agad nakasunod sa makabagong paraan ng pagtatayang ito. Malaki ang kaibahan nito sa mga tradisyonal na paraan kaya isa rin ito sa dahilan kung kaya hanggang sa ngayon ay hindi masyadong makabisado ng ilang mga guro ang bagong paraan ng pagtataya.

Ito nga kaya ang dahilan kung kaya may ilan pa ring mga magulang ang pumupunta sa mga tagapayo ng kanilang mga anak upang alamin ang hindi maunawaang pagbaba ng mga marka ng kani-kanilang mga anak lalo na tuwing dumarating ang panahon ng pagtatapos ng mga klase. Maaaring ang senaryong ito ay nangyayari sa maraming paaralan kaya isa ito sa mga salik na nagbigay ng ideya sa mananaliksik na alamin ang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino.

Mga Kaugnay na Literatura

a. Kahulugan ng Pagtatayang Pangklasrum

Ayon kina Linn at Miller (2005), ang pagtataya ay isang kolaborasyong gawain ng mga guro at mag-aaral. Mahalaga ang kanilang pagsang-ayon sa mga komponent at kasanayang tatayahin at dapat ay naaayon sa layunin ng aralin. Upang maisagawa nang maayos ng mga mag-aaral, ang kalinawan ng panuto ay dapat ding maisaalang-alang ng guro sapagkat ito ang batayan ng antas ng mga mag-aaral sa pagkamit sa mga kompetensing inaasahan nilang maipakita bilang isang mag-aaral sa ika-21 siglo.

Sa pamamagitan ng pagtataya, nagkakaroon ng sariling ebalwasyon ang mga mag-aaral sa kanilang kasalukuyang antas ng kaalaman dahil dito ay maaari silang makagawa ng sariling paraan upang maipagpatuloy o matulungan ang sariling pag-unlad. Halos ganito rin ang ideya nina Kubiszyn at Borich (2007). Anila, gaya din ng pananaliksik, ang pagtatayang pangklasrum ay proseso ng pagkilala, pangangalap, pag-oorganisa at pagbibigay interpretasyon sa mga kwantitatibo at kwalitatibong mga impormasyon tungkol sa kaalaman at magagawa ng mga mag-aaral. Kaya nga, mahalagang maging konsistent ito sa mga pamantayan ng istandard ng kagawaran ng Edukasyon.

Samantala, ayon kay Badayos (2008) ang pagtataya o pagsukat sa natutuhan ay isang walang tigil na proseso at ito'y maaaring maganap anumang oras. Ibig sabihin ang isang pagtataya ay maituturing ng bahagi ng buhay hindi lang sa mga estudyante bagkus pati sa mga ordinaryong tao. Ito'y maaaring pormal o di-pormal. Sinasabing ang pagtataya sa tradisyonal na paraan ay isa lamang paraan upang matiyak kung mayroong pagkatutong nagaganap. Nagagawa rin ng pagsusulit na masukat ang masteri ng mga estudyante sa lawak ng wika na nalilining sa klase. Nagpapatunay na hindi lang tradisyonal na pagtataya ang naging batayan ng guro sa pagsukat ng pagkatuto ng bawat estudyante (Badayos, 2008). Nangangahulugang kinakailangan pang tukuyin ng guro ang iba pang aspeto sa pagsusuri ng kakayahan at kasanayan. Kung tatanawin ito sa punto de bista ng teorya, maganda sana ngunit hindi tayo dapat na laging umaasa sa resulta ng mga pagsusulit bilang pagtiyak kung anong paksa ang dapat ituro.

Ipinahayag din ni Liwanag (2012), na ang pagtatayang pangklasrum ay pangangalap, interpretasyon at paggamit ng mga impormasyon upang matulungan ang mga guro na makagawa ng mabuting desisyon para sa mga kaukulang interbensyon upang mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto.

b. Mga Uri ng Pagtatayang Pangklasrum

b.1 Pormatibong Pagtataya

Ito ay tinatawag ding pagtataya sa pagkatuto (*assessment for learning*) upang maayos pa ng mga guro ang kanilang paraan ng pagtuturo. Bukod dito, kilala rin ito bilang pagtataya bilang pagkatuto (*assessment as learning*). Ayon sa *UNESCO Program on Teaching and Learning for a Sustainable Future (UNESCO-TLSF)*, mula sa *DepEd Order no. 8, s.2015*, ang pormatibong pagtataya ay tumutukoy sa mga kasalukuyang paraan ng pagtataya na malapitang iniugnay sa proseso ng pagkatuto. Ito ay impormal sa anyo at naglalayon lamang na alamin ang kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral. Maaari rin itong ibigay anomang oras upang malaman din ng guro kung naging mabisa ang kanyang pagtuturo. Ang kalalabasan ng pagtatayang ito ay makatutulong din sa guro upang gumawa ng tamang desisyon sa pag-aayon ng paksang aralin, estratehiya sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral (DepEd, 2015).

Ang pormatibong pagtataya ay nagbibigay din ng agarang tugon kung paano natututo ang mga mag-aaral. Kaya, maaaring magbigay ng rekomendasyon ang guro kung paano malilining ng

mga mag-aaral ang kanilang paraan ng pagkatuto. Dahil dito, nalalaman din ng mga mag-aaral ang kanilang responsibilidad upang lalong mapaunlad ang kanilang mga kakayahan at malinang naman ang kanilang mga kahinaan nang sa gayon ay makagagawa ng desisyon ang mga mag-aaral sa kanilang sariling pagkatuto.

b.2 Sumatibong Pagtataya

Ang sumatibong pagtataya na tinatawag ding pagtataya sa pagkatuto (*assessment for learning*) ay ibinigay sa katapusan ng isang yunit upang mataya kung hanggang saan ang natutuhan ng mga mag-aaral sa partikular na yunit. Sinusukat din ng pagtatayang ito ang lawak ng natutuhan ng mga mag-aaral sa mga *content* at *performance standards*. Ang resulta ng pagtatayang ito ay dapat na itala ng guro upang malaman ang naging *achievement* ng isang mag-aaral upang maipaalam din ito sa mag-aaral at sa mga magulang nito. Mahalaga rin ang talang ito upang matukoy ng mga guro kung sino ang mga mag-aaral na makapapasa sa susunod na baitang.

c. Tradisyonal at Di-Tradisyonal na Pagtataya

Ito ay ang isang uri ng pagtataya na kilala sa tawag na lapis o papel (*paper or pencil test*) na pagtataya o pagsusulit. Dito ay binibigyan ng pagsusulit ang mga mag-aaral na pare-pareho ang tanong, oras, panuntunan at inaasahang sagot. Madalas na sinusuri nito ang mababang antas ng kognitibong kasanayan. Ang mga aytem sa pagsusulit ay ginagamitan ng mga salita, numero, simbolo, o larawan kaya't ang mga madalas na nakapapasa ay ang taong may talino sa linggwistika, lohika, matematika o viswal. Ginagawa ito lalo na kung ang nais ay obhektibong pamamaraan na pagmamarka at pagpili ng mga dapat parangalang pang-akademiko sa klase (Liwanag, 2012). Samantala, sa pamamagitan naman ng mga di-tradisyonal na pagtataya, nakukuha ng mga guro ang mabisang impormasyon tungkol sa kanilang mga mag-aaral na mula sa iba't ibang paraan. Nakapagbibigay ang mga pagtatayang ito ng mga ebidensya ng pagsasagwa na higit pa sa kaalamang natutuhan at nagbibigay ng malinaw na larawan sa kabuoang natutunan ng mag-aaral sa klase.

d. Mga Panuntunan ng Pagtataya (*Principle of Evaluation*)

Si Plaga (2016) ay nagbigay ng mga panuntunan ng pagtataya. Aniya, ang pagtataya ay dapat na ibase sa malinaw na panturong layunin. Ang pagtataya ng kaalaman ng mag-aaral, kakayahan at iba pang aspeto ng mga sitwasyon sa pagtuturo at pag-aaral ay dapat nakatuon sa layunin ng edukasyon. Ito ay dapat sang-ayon sa mga layunin ng paaralan at bansa kung kaya ang makabuluhang aspeto ng edukasyon ay dapat nakaayos at ang pag-unlad ng mag-aaral at ang proseso ay siyang dapat unahin.

Ikalawa, ang mga pamamaraan sa pagtataya ay dapat piliin ayon sa kanilang layunin. Nararapat na tingnan sa pagtataya ang pagganap ng mag-aaral ayon sa nakalatag sa mga layunin. Ito ang basehan ng pagpili ng pagsusuri ayon sa mga layunin.

Ikatlo, ang pagtataya ay dapat komprehensibo. Dapat nitong sakupin ang malawak na pag-unlad ng mag-aaral. Dapat nitong suriin ang progreso ng mag-aaral sa mga kanais-nais na kalabasan sa edukasyon. Ang pagtataya ay hindi lamang dapat ibase sa nagbibigay-malay na pag-unlad katulad ng kaalaman, pag-intindi o di kaya kasanayan sa pag-iisip. Dapat din itong maging epektibo sa tinatawag na *psychomotor development* katulad ng pagbabago sa saloobin, pag-uugali at tunay na pagganap.

Ikaapat, sinabi din niyang ang pagtataya ay dapat tuloy-tuloy. Ang layunin nito ay upang mabantayan at masuri nang tama ang progreso ng mag-aaral. Ang pagtataya ay dapat kaparis sa progreso ng edukasyon na kung saan ang mag-aaral ay nakatuon sa patuloy na progreso ng pagbabago at pag-unlad.

Ikalima, ang pagtataya ay dapat mapagsuri at gumana. Kailangan nitong hanapin nang mabuti ang kalagayan sa pagtuturo at pag-aaral kasama na ang mga suliranin na pumipigil sa proseso ng pag-aaral at pag-unlad ng isang mag-aaral sa paaralan. Dapat din nitong matuklasan ang mahalagang impormasyon na magagamit sa pagpapabuti ng pagtuturo at pag-aaral at iba pang bahagi ng tamang alituntunin sa klase. Gayunman, ang kaalaman na naipon sa pagsusuri ay hindi lamang para sa pagtatala. Ito ay dapat ding gamitin upang pagbutihin ang estilo sa pag-aaral, pamamaraan sa pagtuturo at iba pang kondisyon na makakaapekto sa pagtuturo at pag-aaral sa klase.

Ikaanim, ang pagtataya ay dapat isang pakikipagtulungan. Ito ay dapat gawain hindi lamang ng isa kung hindi maraming mag-aaral. Ito ay isang pakikipagtulungan ng mga kabilang sa programa ng pagtuturo at pag-aaral. Ang pagtataya ay magiging epektibo at matagumpay kung magsasama ang mga administrador, guro, magulang, at mag-aaral at kung maaari, ang mga tao sa komunidad. Lahat sila ay dapat magtulungan para sa kabutihan ng mga mag-aaral.

Panghuli, ang pagtataya ay dapat gamitin nang maayos. Mahirap makakuha ng kumpleto at perpektong resulta mula sa pagtataya. Hindi laging nagbibigay ng tumpak na impormasyon ang mga gamit sa pagsusuri. Kaya, dapat gumamit ng tamang paghatol sa pagsusuri (Plaga, 2016).

e. Pagtataya sa K to 12 Kurikulum

Ang pagtataya sa kasalukuyang kurikulum ay sinasabing isang holistikong pamamaraan ng pagtataya ng kakayahan ng mga mag-aaral sapagkat isinasaalang-alang nito ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral. Batid nito na ang mga mag-aaral ay maaaring matuto sa iba't ibang paraan ng pagtuturo kaya naman sinusukat din nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang paraan ng pagtataya (DepEd, 2015).

Isinaalang-alang din ng pagtataya ng K to 12 ang magkakaibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral kaya naman may mga pagtatayang magagamit para sa mga mahuhusay na mag-aaral. Maaari ring gumamit ng ibang paraan ng pagtataya para sa mga mag-aaral na may

katamtamang antas ng kaalaman at maaari ring ibang pagtataya ang para sa mga mag-aaral na mabagal matuto.

- [1] Isa rin sa kagandahan ng pagtataya ng kasalukuyang kurikulum ay ang pagsangkot sa mga mag-aaral sa pagbuo ng mga rubrik na gagamitin sa pagtataya sa kanila. Maaari silang pumili ng mga kasanayang nais sukatin o tayahin habang isinasagawa nila ang mga kompetensang hinihiling sa layunin ng pagtuturo (DepEd, 2015)

f. Paggamit ng Datos ng mga Mag-aaral sa Paglinang ng Pagtuturo

Ang mga pagtatayang pormal at impormal ay nagbibigay ng mahahalagang impormasyon na magagamit para sa pag-unlad ng mga mag-aaral, pagiging epektibo ng kurikulum, at pag-aangkop ng mga estratehiya. Bagama't mayroong mga negatibong puna ang ilang magulang hinggil sa mga nakasanayang pagsusulit na ibinibigay sa mga mag-aaral, napakahalaga pa rin ang mga datos na makukuha mula rito. Kinakailangan lamang maipaliwanag sa mga magulang at mag-aaral kung paano ito makatutulong sa pagpapaunlad ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Ayon kay Fuglei (2014), sa pagtalakay ng mga datos ng mga mag-aaral, mahalagang malaman din ng mga paaralan na ang mga datos na ito ay maaari pa ring magamit sa maraming paraan. Tulad ng pagbibigay ng *standardized* na pagsusulit, natutukoy ng mga administrador ang *performance* ng isang distrito, paaralan at baitang. Sa isang indibidwal din na pagtataya, natutukoy naman ng mga guro ang kakayahan ng mag-aaral at maihahambing ito sa kakayahan ng iba pang mag-aaral at magagamit ito sa pagbibigay ng positibong puna sa bawat mag-aaral. Si Fuglei (2014) ay nagbanggit pa ng ilang kahalagahan ng pagtataya. Una rito, sinabi niyang ang mga *standardized* na pagsusulit ay sumusukat sa pangkalahatang pagkatuto at natutukoy din ang mga paksang hindi pa natutuhan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga uri ng pagsusulit na ito, nalalaman ng mga guro ang mga araling hindi pa lubusang naunawaan ng mag-aaral at kinakailangan pa na puspusang pagpapaliwanag. Maaari nilang matukoy ito bago pa man ang ganap na pagtuturo gamit ang resulta ng *pre-test* at *diagnostic* na pagsusulit.

Nagagamit din ang mga datos ng mag-aaral sa pagtaya ng indibidwal na kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan din ng resulta ng mga *standardized* na pagsusulit, maaaring hikayatin ang mga guro na tayahin ang indibidwal na kakayahan ng bawat mag-aaral. Mula rito, magkakaroon ang guro ng mas malalim na pag-unawa sa personalidad at abilidad ng mga mag-aaral maging ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Maaari din itong maging batayan ng pagmodipika ng kurikulum na tutugon sa pangangailangan ng bawat mag-aaral maging ang kakayahan ng mga guro.

Ang mga sumatibong pagtataya ay nagbibigay din ng ideya ng patutunguhan ng pagkatuto. Ang pagbibigay ng sumatibong pagsusulit ay ang madalas na ginagamit ng mga guro upang mataya ang indibidwal na kakayahan ng mga mag-aaral. Ang kanilang datos ay nagbibigay din ng impormasyon sa *performance* ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum na magbibigay din ng ideya sa mga guro sa patutunguhan ng kanyang pagtuturo.

Ang sumatibong pagtataya ay nagbibigay din ng *feedback* sa bisa ng kurikulum at pagtuturo ng guro. Kung naging mababa ang resulta ng iskor ng mga mag-aaral pagkatapos ng pagtuturo, maaaring muling pag-aaralan ng guro kung ano ang naging salik ng hindi matagumpay na pagtuturo. Maaari niyang pag-aaralan kung ito ba ay dahil sa mga kagamitang pampagtuturo o sa estratehiyang kanyang ginamit. Maaari rin niyang isaalang-alang ang kaangkupan ng mga mag-aaral at kabuoang proseso ng pagtuturo na kanyang ginamit.

II. Methodology

a. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibo-kwalitatibong uri ng pananaliksik. Ang marka ng mga guro sa kanilang *Classroom Observation Tool (COT) indicator # 9* ang siyang magbibigay ng mga kwantitatibong mga datos habang ang mga dahilan ng kahusayan ng mga kalahok sa pagtatayang pangklasrum ang magbibigay naman ng mga kwalitatibong datos na makukuha sa pamamagitan ng *Focus Group Discussion (FGD)*.

Ang pag-aaral din na ito ay may disenyong *sequential explanatory*. Bukod sa kwantitatibong datos ay kukuha din ng mga kwalitatibong datos na susuporta sa paliwanag.

b. Hakbang ng Pag-aaral

Upang makalikom ng datos, ang sumusunod ay mga hakbang na susundin sa pag-aaral na ito: (1) Pagbuo ng suliranin ng pananaliksik, (2) Pagbuo ng Instrumento at Balidasyon ng Instrumento. (3) Pagkuha ng *Ethics Clearance*, (4) Pangangalap ng Datos, (5) Pagsusuri at Interpretasyon ng mga Datos, (6) Paghahanda ng Ulat Pananaliksik.

c. Mga Kalahok

Pipiliin ang mga kalahok sa paraang *purposive enumeration sampling* sapagkat ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum ng mga gurong nagtuturo ng Filipino. Dahil bilang ng taon sa serbisyo at edukasyong natamo ng mga guro ang mga baryabol ng pag-aaral na ito, ang mga guro ay maaaring nagtuturo ng Filipino mula isang (1) taon hanggang (16) na taon o higit pa at nagtamo ng edukasyon mula *Bachelor's degree* hanggang *Doctorate Degree*. Sila rin ay kailangang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang pansekondarya sa Distrito ng Ipil, Sangay ng Zamboanga Sibugay.

Makikita sa susunod na pahina ang mga talahanayan sa bilang ng mga kalahok ayon sa mga baryabol ng pag-aaral.

Talahanayan 0.2
Bilang at Bahagdan ng mga Kalahok ayon sa Bilang ng Taon sa Serbisyo

Paaralan	Bilang ng Taon sa Serbisyo				Bahagdan
	1-5 na taon	6-10 na taon	11-15 na taon	16 taon pataas	
Zamboanga Sibugay NHS	6	2	0	1	28.130%
Ipil NHS	1	4	2	1	25.000%
Makilas NHS	1	3	1	1	18.750%
Taway NHS	1	2	0	0	9.375%
Magdaup NHS	0	2	0	1	9.375%
Bacalan NHS	1	2	0	0	9.375%
Kabuoan	10	15	3	4	100%

Talahanayan 0.3
Bilang at Bahagdan ng mga Kalahok ayon sa Edukasyong Natamo

Paaralan	Bachelor's Degree	M.A./MAED Units	M.A/MAED Grad.	Ph.D/Ed.D Units	Kabuoan
Zamboanga Sibugay NHS	4	2	3	0	9
Ipil NHS	0	4	2	2	8
Makilas NHS	1	4	1	0	6
Taway NHS	1	1	1	0	3
Magdaup NHS	0	1	1	1	3
Bacalan NHS	0	1	2	0	3
Kabuoan	6	13	10	3	32
Bahagdan	18.75%	40.63%	31.25%	9.37%	100%

d. Instrumento ng Pag-aaral

d.1. Classroom Observation Tool (COT)

Ang *Classroom Observation Tool (COT)* ay ang kasalukuyang instrumentong ginagamit ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagtataya ng mga *performance* ng mga guro. Isa sa mga sinusukat ng instrumentong ito ay ang kasanayan ng guro sa pagtatayang pangklasrum. Ito ay makikita sa *COT indicator* bilang 9 kung saan ang mga *Master Teacher* at punongguro ang nagbibigay ng

marka sa mga guro. Ito ay isa ng istandardisadong instrumento na ginagamit sa lahat ng mga pampublikong paaralan na ginagamit sa pagsulat ng iba't ibang kasanayan ng mga guro kung saan isa na rito ang kasanayan sa pagtatayang pangklasrum na makikita sa *COT indicator* bilang 9. Masasabing *valid* at *reliable* ang mga datos na makukuha sa instrumento sapagkat, sa pinal na marka ng guro, ang mga *Master Teacher* at punongguro ang nagbibigay ng kanilang marka sa pamamagitan ng obserbasyon sa pagtuturo at pag-tsek ng mga dokumentong ginagawa ng mga guro gaya ng *lesson plan* at mga aytem ng mga pagsusulit mula sa simula hanggang sa pagtatapos ng klase. Kaya sa ganitong pagbibigay din ng marka sa guro ay masasabi nating balido at walang kinikilingan ang mga datos.

d.2 Talatanungan (Survey Questionnaire)

Ang Talatanungan (*Survey Questionnaire*) ang siyang magiging instrumento sa pangangalap ng kwalitatibong datos. Binubuo ito ng limang tanong na umikot upang matuklasan ang mga dahilan ng kahusayan ng mga kalahok sa pagtatayang pangklasrum. Gaya ng ibang instrumento, idadaan din ito sa balidasyon sa tulong ng Pansangay na Tagpagmasid sa Filipino at isang *Master Teacher* ng Distrito ng Ipil, Sangay ng Zamboanga Sibugay. Sisilipin ang *content validity* nito upang matiyak kung ang mga tanong ay angkop upang makuha mula sa mga kalahok ang inaasahang kwalitatibong datos na kailangan sa pag-aaral na ito.

e. Interpretasyon ng mga Datos

Upang bigyan ng interpretasyon ang mga markang makukuha ng mga kalahok ay bibigyan ng kahulugan batay sa *DepEd Order* bilang 42 serye ng 2017 na kasalukuyang batayan din ng mga punongguro sa pagbibigay ng marka sa mga guro. Matutunghayan sa susunod na pahina ang rubrik na gagamitin sa interpretasyon ng mga datos.

Talahanayan 0.4
Rubrik sa Pagmamarka ng Antas ng Kasanayan sa Pagtatayang Pangklasrum

Mean Iskor	Proseso	Deskripsyon	Antas
7	<i>Integrating</i>	Ang mga guro ay may napakahusay na kasanayan sa pagdisenyo, pagpili, pagbuo, at paggamit ng mga pagtatayang <i>diagnostic</i> , pormatibo, at sumatibo, mga estratehiyang alinsunod sa pagpapaunlad ng kurikulum. Ang mga guro na nakakuha ng antas na ito ay nasa proseso na rin ng <i>integrating</i> kung saan ang mga guro ay mayroong kakayahang gumamit ng magkakaugnay-ugnay na aspeto sa pagtatayang pangklasrum upang makabuo ng kapaligirang tumutugon sa isahan at pangkatang layunin sa pagkatuto.	Napakahusay (<i>outstanding</i>)
6	<i>Consolidating</i>	Ang mga guro ay gumagamit ng mga magkakaugnay na mga aspeto ng pagtuturo sa mga pagtatayang pangklasrum at palagiang nakahanay sa paglinang ng mga mag-aaral at sumusuporta para sa tagumpay ng mga mag-aaral.	Lubhang kasiya-siya (<i>very satisfactory</i>)
5	<i>Applying</i>	Nagpapamalas ang guro ng kaalaman sa mga aspeto ng pagtuturong kaugnay sa pagtatayang pangklasrum na madalas umaangkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.	Kasiya-siya (<i>satisfactory</i>)
4	<i>Developing</i>	Nagpapamalas ang guro ng kaalaman sa mga aspeto ng pagtuturong kaugnay sa pagtatayang pangklasrum na paminsan-minsan lamang umaangkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.	Hindi Kasiya-siya (<i>unsatisfactory</i>)
3	<i>Organizing</i>	Mayroong limitadong kaalaman ang mga guro sa mga aspetong may kaugnayan sa pagtatayang pangklasrum.	Walang kahusayan (<i>poor</i>)

f. Paglilikom ng Datos

Sa sandaling magkaroon na ng *ethics clearance* ang pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay susulat muna sa mga administrador ng paaralan upang humingi ng pahintulot tungkol sa isasagawang pag-aaral. Sa sandaling mabigyan ng pahintulot ang pag-aaral, magtatakda na ng oras ang mananaliksik upang magkaroon ng pagpupulong sa mga kalahok.

Sa unang pakikipagkita ng mananaliksik sa mga kalahok, magkakaroon ng oryentasyon kung saan ipaliliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral at ang benepisyo nito sa lahat.

Ipaliliwanag din sa kanila ang mga karapatan at responsibilidad ng mga kalahok. Bilang patunay sa pagsang-ayon ng mga kalahok at kanilang mga magulang, sila ay pipirma ng *informed consent*.

Sa ikalawang beses ng pagpunta ng mananaliksik sa mga mananaliksik ay hihingiin na sa kanila ang kanilang marka sa *COT indicator 9*. Sa sandaling malaman na ng mananaliksik ang mga marka ng mga kalahok, muling niyang titipunin sa ikatlong pagkakataon upang maisagawa na ang *Focus Group Discussion (FGD)*. Sa *FGD* na ito, aalamin ng mananaliksik ang mga dahilan ng kahusayan ng mga kalahok gamit ang inihandang talatanungan.

Magpapasalamat ang mananaliksik sa mga kalahok at kapag naiayos na ang mga datos, babalik siya sa mga paaralan upang ipagbigay-alam ang kinalabasan ng kanyang pag-aaral at upang hingiin na rin ang kanilang pahintulot sa sandaling naisin ng mananaliksik na ilathala ang resulta ng pag-aaral.

g. Pagtutuos-Istadistikal

Ang mga datos na makukuha sa mga kalahok at ang maingat na pagmamarka ay dadaan sa pagtutuos-istadistikal. Itatala ng mananaliksik ang iskor ng mga kalahok ayon sa baryabol. Makikita sa kasunod na pahina ang talahanayan na magpapakita ng istadistikang gagamitin sa pagsagot ng mga katanungang nabuo.

Talahanayan 0.5

Mga Suliranin/Katanungan at Pagtutuos-Istadistikal na Gagamitin sa Pananaliksik

Katanungan	Haypotesis	Istadistika
1. Ano ang pangkalahatang antas ng kasanayan sa pagtatayang pang-klasrum sa mga asignaturang Filipino ng mga piling guro?	Walang haypotesis	<i>Mean, Standard Deviation</i>
2. Ano ang pangkalahatang antas ng kasanayan sa pagtatayang pang-klasrum sa mga asignaturang Filipino ng mga piling guro kung ang mga datos ay papangkatin ayon sa: a. bilang ng taon sa serbisyo b. edukasyong natamo?	Walang haypotesis	<i>Mean, Standard Deviation</i>

3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino sa bilang ng taon sa serbisyo ng mga kalahok?	Walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino sa bilang ng taon sa serbisyo ng mga kalahok.	<i>Pearson Moment Coefficient Correlation</i>
4. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino sa edukasyong natamo mga kalahok?	Walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino sa edukasyong natamo ng mga kalahok	<i>Pearson Moment Coefficient Correlation</i>
5. Ano-ano ang mga dahilan ng kahusayan ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino?	Walang haypotesis	<i>Thematic coding</i>

III.Mga Resulta at Pagtalakay

Inayos ang pagkakalahad ng mga resulta batay sa pagkakasunod-sunod ng mga tanong sa unang kabanata.

Tanong bilang 1. Ano ang pangkalahatang antas ng mga guro sa kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino?

Inilalahad mula sa talahanayan 1.0 ang pangkalahatang antas ng mga guro sa kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino. Batay sa nakuhang iskor ng mga guro sa kanilang *Classroom Observation Tool (COT)* sa ikasiyam na *indicator* partikular sa kakayahan ng mga gurong magdisenyo, pumili, bumuo, at gumamit ng mga pagtatayang *diagnostic*, pormatibo, at sumatibo, mga estratehiyang alinsunod sa pagpapaunlad ng kurikulum na minarkahan ng mga *Master Teacher* at punongguro, lumabas na ang mga kalahok ay nakakuha ng pangkalahatang iskor na 6.323 na may *standard deviation* na 0.577. Batay sa *DepEd Order* bilang 42 serye ng 2017 na ginamit na pamantayan sa kasalukuyang pag-aaral, lumabas na ang mga guro ay may lubhang kasiya-siyang (*very satisfactory*) antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino. Ibig sabihin, ang mga guro ay nasa proseso ng *consolidating* na nangangahulugang ang mga guro ay gumagamit ng mga magkakaugnay na mga aspeto ng

pagtuturo sa mga pagtatayang pangklasrum at palagiang nakahanay sa paglinang ng mga mag-aaral at sumusuporta para sa tagumpay ng mga mag-aaral.

Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Barandon at Atian (2016) tungkol sa “*Awareness and Utilization of Classroom Assessment Techniques*”. Napag-alaman mula sa kanilang pag-aaral na ang mga kalahok na guro ay may mataas na kaalaman sa mga pagtatayang pangklasrum gaya ng pagbibigay ng proyekto (*project*), at pagpapagawa ng panayam. Ang mga uri ng pagtatayang ito ay madalas nilang isinagawa sa pagtatapos ng semestre. Dahil sa panayam, nalalaman ng mga guro ang kahalagahan ng mga paksang natutuhan ng mga mag-aaral. Nalaman din na may katamtamang kahusayan sila sa pagbibigay ng sanaysay at pasalitang presentasyon (*oral presentation*). Ayon sa mga guro, mainam ang pagbibigay ng sanaysay sapagkat sa isa o dalawang talatang sanaysay, nabubuo ng mga mag-aaral ang tema ng mga ideyang nasa kanilang isipan.

Napatunayan din sa pananaliksik ni Villamero (2014) tungkol sa *Teachers’ Assessment Strategies: A Constructivist Study in Regular Primary Schools in Negros Oriental, Philippines*”, nabanggit niyang ang mga guro ay may ganap na pag-unawa sa mga konsepto ng pagtataya lalo na ang tungkulin nito sa loob ng klasrum at sa mga mag-aaral. Ipinakita rin nilang ang kanilang kakayahan sa lantarang pagkategorya ng mga estratehiya ng pagtataya bilang *diagnostic*, *pormatibo*, at *sumatibo*. Pinaniniwalaan ng kanyang pag-aaral na ang kaalaman ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum ay bunga ng palagiang pagbibigay-tuon sa polisiyang pang-edukasyon sa Pilipinas. Natukoy din na ang kaalaman sa pagtatayang pangklasrum ay hindi lamang itinuturing na simpleng pagtataya bagkus, nabanggit ng mga guro na isa rin itong paraan upang lubos nilang maunawaan ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral. Ipinapahayag lamang na ang pagtatayang pangklasrum ay dapat ding gamitin upang maghatid ng pagkakapantay-pantay sa pagkakatuto ng mga mag-aaral. Higit sa lahat, hindi rin ito dapat gamitin upang husgahan ang kakayahan ng mga mag-aaral.

Bilang karagdagan sa pag-aaral ni Villamero (2014), nalaman din na bukod sa paggamit ng mga guro ng mga estratehiyang *pormatibo*, gumagamit din sila ng iba’t ibang *sumatibong estratehiya*. Ilan sa mga pagtatayang ito ay ang pagsusulit, *performance*, at mga *product assessments*. Ikinategorya din nila ang mga lingguhang pagsubok at *periodical tests* bilang pagsusulit samantala, ang mga pangkatang gawain at *portfolio* naman ay nasa kategorya ng *performance assessment and product assessment*. Gayunpaman, ang pagsusulit ay palaging ginagamit bilang estratehiya sa *sumatibong pagtataya* sapagkat isinaad sa kurikulum ng K to 12 na bukod sa mga makatotohanang pagtataya (*authentic assessment*) kailangan pa rin ang mga tradisyonal na estratehiya.

Ganito rin ang kinalabasan ng pag-aaral ni Azarcon (2017) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang “*Teachers’ Perceptions of Classroom Assessment Skills and Literacy*”. Natukoy na mataas ang antas ng pangkalahatang kasanayan sa pagtatayang pangklasrum ng mga guro. Naniniwala ang mga guro na sila ay may mataas na kasanayan sa pagtataya. Gayunpaman,

ipinahayag nilang kailangan pa rin nila ng karagdagang pagsasanay lalo na sa mga makabagong estratehiya sa pagtatayang pangklasrum.

Sa pag-aaral din nina Delosa at Morales (2015) tungkol sa “Assessment *Literacy of Pre-Service Teachers and the NCBTS Domain*”, lumabas na ang mga guro ay nagpakita ng mataas na kakayahan sa pagpili ng angkop na kagamitan sa pagtataya na may antas na 81.36% kaya lang ang kanilang kasanayan sa pagbuo ng mga proseso sa pagmamarka ay nangangailangan pa ng karagdagang pagsasanay. Dahil dito, inirerekomenda ng kanilang pag-aaral na kailangan pang tutukan ang pagtuturo ng pagtatayang pangklasrum sa mga mag-aaral na magiging guro sa hinaharap.

Talahanayan 1.0

Pangkalahatang Antas ng mga Guro sa Kasanayan sa Pagtatayang Pangklasrum sa mga Asignaturang Filipino

Pangkalahatang Antas	Mean Iskor	Standard Deviation	Interpretasyon	Antas
Kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino	6.323	0.577	<i>Consolidating</i>	Lubhang kasiya-siya (<i>very satisfactory</i>)

Tanong bilang 2. *Ano ang pangkalahatang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino ng mga piling guro kung ang mga datos ay papangkatin ayon sa bilang ng taon sa serbisyo at edukasyong natamo?*

Matutunghayan sa talahanayan 2.0 ang antas ng kasanayan ng mga piling guro sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino batay sa bilang ng taon sa serbisyo.

Batay sa mga nakuhang iskor ng mga kalahok na guro sa *indicator 9* sa kanilang *Classroom Observation Tool (COT)*, natukoy na ang mga kalahok na may 1-5 taon na bilang ng taon sa serbisyo ay nakakuha ng mean iskor na 6.33 at *standard deviation* na 0.891. Batay sa *DepEd Order* bilang 42 serye ng 2017, ang mga guro ay nasa proseso ng *consolidating* kaya masasabing sila ay may “lubhang kasiya-siyang” (*very satisfactory*) antas. Sa antas na ito, ang mga guro ay gumagamit ng mga magkakaugnay na mga aspeto ng pagtuturo sa mga pagtatayang pangklasrum at palagiang nakahanay sa paglinang ng mga mag-aaral at sumusuporta para sa tagumpay ng mga mag-aaral.

Samantala, ang gurong mayroong 6-10 taon sa serbisyo ay nakakuha naman ng mean iskor na 6.627 at *standard deviation* 0.844 habang ang mga gurong nagtuturo na sa loob ng 11-15 na taon ay nakakuha naman ng *mean iskor* na 6.000 at *standard deviation* na 1.298. Ang mga *mean iskor* na ito ay nabibilang sa antas na “lubhang kasiya-siya” (*very satisfactory*) kung saan ang mga guro ay masasabing nasa proseso ng *consolidating*. Ang mga guro na may kasanayan sa antas na

ito ay masasabing gumagamit ng mga magkakaugnay na mga aspeto ng pagtuturo sa mga pagtatayang pangklasrum at palagiang nakahanay sa paglinang ng mga mag-aaral at sumusuporta para sa tagumpay ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang mga gurong nagtuturo nang higit sa 16 taon ay nakakuha naman ng *mean* iskor na 6.750 o 7.0 at *standard deviation* na 0.476. Masasabing “napakahusay” (*outstanding*) ang antas ng mga guro sa kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino. Mailalarawan ding “napakahusay” ang kanilang kakayahan sa pagdisenyo, pagpili, pagbuo, at paggamit ng mga pagtatayang *diagnostic*, pormatibo, at sumatibo, mga estratehiyang alinsunod sa pagpapaunlad ng kurikulum. Ang mga guro na nakakuha ng antas na ito ay nasa proseso na rin ng *integrating* kung saan ang mga guro ay mayroong kakayahang gumamit ng magkakaugnay-ugnay na aspeto sa pagtatayang pangklasrum upang makabuo ng kapaligirang tumutugon sa isahan at pangkatang layunin sa pagkatuto.

Kung ihahambing ang nakuhang iskor ng mga kalahok batay sa bilang ng taon sa serbisyo, makikitang ang mga gurong nagtuturo na nang higit sa 16 taon ang nakakuha ng mas mataas na iskor na may antas na “napakahusay”.

Sa isinagawang pag-aaral nina Aquino, Ramos at Nolasco (2015), nabanggit na ang mga kalahok ay lubos na sumasang-ayon na ang pagtataya ay napakahalaga sa kanila bilang guro sapagkat natutukoy nila ang mga kahinaan ng mga mag-aaral at nasusubaybayan ang kanilang pagkatuto. Anila, ang prosesong ito ay mahalaga ring maikonsidera sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa isinagawang panayam sa mga kalahok, binanggit din nila na ang kanilang taglay na kaalaman sa pagtataya ay mayroong *impact* sa pagkatuto at pagkakaroon ng mataas na marka ng mga mag-aaral. Ito ay nagpapatunay sa pagkakaroon ng positibong persepsyon ng mga guro sa pagsasagawa ng mga pagtatayang pangklasrum para sa ikabubuti ng kanilang mga tinuturuan.

Halos ganito rin ang sinabi nina Serra, Gómez and Sáiz (2014) tungkol sa “*Faculty Perceptions, Skills and Problems on Assessment in Undergraduate Programs in a State University Extension Campus in the Philippines*”. Natuklasang mataas ang tiwala ng mga guro sa kanilang kakayahan sa pagsasagawa ng pagtataya lalo na’t pinaniniwalaan nilang napakahalaga nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, sa tingin ng mga guro, ang pakikisangkot ng mga mag-aaral sa proseso ng pagtataya ay hindi na kailangan.

Ang resultang ito ay napatunayan muli sa pag-aaral ni Azarcon (2014). Nalaman sa kanyang pag-aaral na ang mga gurong may mas mahabang taon sa pagtuturo ay mayroon ding mas mahusay na kasanayan sa pagtatayang pangklasrum. Nabanggit din niya ang kinalabasan sa pag-aaral ni Alkharusi (2011) kung saan ito ay naglahad ng parehong kongklusyon. Ang mga gurong nagtuturo na sa loob ng 6-10 taon ay nagpamalalas na mas mahusay na kasanayan sa pagtatayang sumatibo at pormatibo kaysa sa mga baguhang guro na isa hanggang limang taong karanasan sa pagtuturo. Dahil dito, binanggit ni Alkharusi (2011) na ang mga gurong may mas matagal na panahon sa pagtuturo ay nagkaroon din mas matagal na panahon na gumamit ng iba’t ibang

pagtataya kaya mas lalong nahubog ang kanilang kasanayan. Idinagdag din niyang ang positibong persepyon ng mga guro ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagtatayang pangklasrum.

Talahanayan 2.0
Antas ng Kasanayan ng mga Piling Guro sa Pagtatayang Pangklasrum sa mga
Asignaturang Filipino batay sa Bilang ng Taon sa Serbisyo

Bilang ng Taon sa Serbisyo	Mean Iskor	Standard Deviation	Interpretasyon
1-5 taon	6.33	0.891	<i>Consolidating</i>
6-10 taon	6.267	0.844	<i>Consolidating</i>
11-15 taon	6.000	1.298	<i>Consolidating</i>
16 taon pataas	6.750	0.476	<i>Integrating</i>

Ipinapakita naman sa talahanayan 2.1 ang antas ng kasanayan ng mga piling guro sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino batay sa kanilang natamong edukasyon (*educational attainment*). Batay sa nakuhang iskor ng mga kalahok, ang mga gurong nakapagtapos lang ng *Bachelor's Degree* ay may *mean* iskor na 6.500 at *standard deviation* na 0.903. Ang mga gurong mayroong mga yunit sa *Doctoral* at yaong nakapagtamo ng *Doctorate Degree* ay may *mean* iskor naman na 6.667 at *standard deviation* na 1.130. Alinsunod sa *DepEd Order* bilang 42 serye ng 2017, ang mga gurong may *mean* iskor na nabanggit ay nasa proseso ng *Integrating* at may antas na napakahusay (*outstanding*). Ang mga kalahok na nakakuha ng antas na ito ay nasa proseso na rin ng *integrating* kung saan sila ay mayroong kakayahang gumamit ng magkakaugnay-ugnay na aspeto sa pagtatayang pangklasrum upang makabuo ng kapaligirang tumutugon sa isahan at pangkatang layunin sa pagkatuto.

Samantala, ang mga kalahok na may mga yunit ng *Masteral* o nakapagtamo ng *Master's Degree* ay nakapagtala ng *mean* iskor na 6.227 na may *standard deviation* na 1.006. Masasabing ang mga kalahok ay may lubhang kasiya-siyang (*very satisfactory*) antas sa kanilang kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino. Ang mga gurong nasa antas na ito ay masasabing nasa proseso ng *consolidating* kung saan gumagamit na sila ng mga magkakaugnay na mga aspeto sa mga pagtatayang pangklasrum at palagiang nakahanay sa paglinang ng mga mag-aaral at sumusuporta para sa tagumpay ng mga mag-aaral.

Malinaw na sinasabi ng mga datos ng pag-aaral na ito, na ang edukasyong natamo ay walang kinalaman sa antas ng kanilang kasanayang natamo sapagkat ang mga gurong may *Bachelor's Degree* lamang ay mas mataas ang *mean* iskor kaysa sa mga may mga yunit at nakapagtamo ng *Master's Degree*.

Parehong resulta ang ipinahayag sa pag-aaral ni Salvador-janer (2013) kung saan ang mga kalahok na may *Master's Degree* ay napatunayang gumagamit ng mga pagtatayang tradisyonal gaya ng *paper-pencil tests* at ganoon din ang mga *authentic* na pagtataya. Bukod dito, nabanggit din na may mga personal na salik ang positibong nakaiimpluwensiya sa mga gawi ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum.

- [1] Sa pag-aaral na "*Self-efficacy and Utilization of Alternative Assessment among Physical Education Teachers*" na isinagawa ni Sumera (2018), natuklasan na ang *self-efficacy* ng mga gurong nagtuturo sa mga klase ng *Physical Education* ay may mataas na marka. Ganoon din ang naitala sa mga komponent na *students' engagement, instructional strategy and classroom management*. Lumabas din na palaging gumagamit ang mga guro ng mga pagtatayang *performance-based, rubrics, portfolio, peer and self-assessment*. Nalaman din na ang mga guro ay gumagamit ng alternatibong pagtataya.

Talahanayan 3.0

Antas ng kasanayan ng mga Piling Guro sa Pagtatayang Pangklasrum sa mga Asignaturang Filipino batay sa Natamong Edukasyon (Educational Attainment)

Edukasyong Natamo	Mean Iskor	Standard Deviation	Interpretasyon
<i>Bachelor's Degree</i>	6.500	0.903	<i>Integrating</i>
<i>Master's Degree/With MA o MAED units</i>	6.227	1.006	<i>Consolidating</i>
<i>Doctorate Degree/ With Ph.D o Ed.D units</i>	6.667	1.130	<i>Integrating</i>

Tanong bilang 3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino at bilang ng taon sa serbisyo ng mga kalahok?

Tinatalakay sa talahanayan 3.0 ang kaugnayan ng antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum at bilang ng taon sa serbisyo. Batay sa resulta ng *Pearson Moment Coefficient Correlation*, ang mga nakuhang iskor ng mga kalahok ay may ***Pearson r value na 0.116*** na nagpapakita ng **napakahinang kaugnayan** ng dalawang baryabol na sinubok. Batay din sa ***probability value na 0.534***, nangangahulugang **walang makabuluhang kaugnayan** ang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino at kanilang bilang ng taon sa pagtuturo. Ibig sabihin, ang mga bilang ng taon sa serbisyo ng mga guro ay walang kaugnayan sa kanilang kasalukuyang antas. Mapatutunayan ito sa pag-aaral sapagkat ang mga gurong nagtuturo sa loob ng 6-10 taon ay mayroong mas mataas na iskor kaysa sa mga gurong may 11-15 taon sa pagtuturo.

Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Zhang at Burry-Stock (2010) tungkol sa *Classroom Assessment Practices and Teachers' Self-Perceived Assessment Skills*". Nabanggit sa kanilang isinagawang pag-aaral na ang kaalaman ng mga guro sa pagtataya at

pagsusulit ay walang kaugnayan sa bilang ng taon ng kanilang karanasan sa pagtuturo. Napatunayan ito sa resulta ng kanilang paraan ng interpretasyon sa mga pagsusulit na *standardized*, pagrebisa ng mga *teacher-made test*, pag-aayos ng mga panuto ng pagsusulit batay sa nakuhang *feedback*, paggamit ng *performance assessment* at pagbibigay ng resulta ng isinagawang pagtataya.

Naitala din ni Hailaya (2014) sa kanyang pag-aaral sa mga piling guro sa probinsiya ng Tawi-Tawi, kung saan ang mga gurong nagtuturo ng 1-5 taon ay mayroong mas mataas na iskor sa pagtataya kaysa sa mga gurong nagtuturo na sa loob ng 21-25 taon. Lumabas din na ang mga gurong nagtuturo sa loob ng 6-10 taon ay nagpakita ng mas mataas na marka kaysa sa mga nagtuturo na ng 16-20 taon.

Batay din sa isinagawang panayam sa mga kalahok, lumalabas ang kanilang pagsang-ayon sa resulta ng pag-aaral na ito. Ayon kay kalahok 2, “*Sa akin lang, sa tinatagal-tagal ko sa serbisyo hindi ko talaga masasabing mas magaling ako kaysa sa mga baguhan. Na mas marunong akong gumawa ng mga tanong kaysa sa kanila. Kasi bawat taon na naidagdag sa serbisyo ay maituturing na panibagong taon, pagsubok, karanasan at adjustment na naman.*”

Binanggit din ni kalahok 3 na “*hindi rin batayan ang bilang ng taon sa serbisyo para masabing magaling ka na o mataas na ang antas ng kasanayan mo sa pagtatayang pangkasrum sapagkat may mga tinatawag tayong inobasyon o pagbabago.*”

Pareho din ang ideya ni kalahok 4 sa mga naunang kalahok nang sinabi niyang “*hindi rin salik ang bilang ng taon sa pagtuturo sa pagkakaroon ng magkaibang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum kasi bawat taon ng pagtuturo ibang karanasan ang makukuha.*”

Ganoon din ang winika ni kalahok 5. Aniya, “*naniniwala akong hindi nasusukat sa taon o bilang ng taon sa serbisyo ang kahusayan ng isang guro kasi maraming bago pa ngunit magaling naman, marami ding matagal na ngunit nangangapa pa rin.*”

Si kalahok 6 naman ay nagwika ring “*depende, kasi maraming guro na matagal na sa serbisyo hindi naman inaapply ang kanilang natutunan.*”

Dagdag din ni kalahok 9 na nagpahayag na “*hindi rin maikakaila na may mga gurong bagong-bago pa lang sa serbisyo ngunit napakamagaling, matalino, at madali nilang na-aadapt at nakukuha kung ano yong natutunan ng mga dati ng guro siya ring natutunan ng mga bagong-bago pa lang.*”

Halos ganoon din ang ibig sabihin ni kalahok 22 . Winika niyang “*Hindi rin maikakaila na habang tumatagal sa serbisyo ay lalong tumatamad. Sino ba namang hindi tatamarin kung sandamakmak naman ang mga paperworks na ipapasubmit sa mga guro imbes na focus lang sa pagtuturo at sa mga estudyante.*”

Binanggit naman ni kalahok 22 na “*Totally, nasa tao pa rin. Kasi kahit na bago ka o matagal ka na sa serbisyo kung love mo talaga ang pagtuturo makakayanan mo ang lahat.*”

Sumang-ayon din dito si kalahok 24 nang sinabi niyang “*para sa akin hindi, kasi wala yan sa taon nasa tao yan.*”

Ang pahayag din ni kalahok 25 na “*para sa akin po, wala po sa taon kasi sa panahon po natin ngayon masasabi po nating siguro nasa 70% ang mga bagong graduate na mas sila pa yong nahahasa sa mga makabagong paraan ng pagbibigay ng pagtataya gaya na lamang ng mga performance task na may kaugnayan sa teknolohiya*” ay isa pa sa sumasang-ayon sa kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Gaya rin ni kalahok 26, sinabi niyang “*wala yan sa bilang ng taon kundi nasa tao yan. Kung seryoso ka, kung ano yong kaalaman mo sa iba’t ibang larangan gagamitin mo at ina-aaply mo sa iyong pagtuturo doon nasusukat hindi sa bilang ng taon*”, habang ayon naman kay kalahok 31 “*depende kasi maraming bago sa serbisyo ngayon na daig pa ang mga gurong matagal na sa serbisyo.*”

Ang mga naging pahayag ng mga kalahok ay malinaw na nagsasabing ang bilang ng taon sa pagtuturo ay hindi maiuugnay sa taglay nilang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa asignaturang Filipino. Sapagkat may mga baguhan at matagal na serbisyong guro na halos magkatulad ang antas ng kasanayan, nangangahulugan lamang na ang bilang ng taon sa serbisyo ay walang makabuluhang kaugnayan sa kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino.

Talahanayan 4.0

Kaugnayan ng Antas ng kasanayan ng mga Guro sa Pagtatayang Pangklasrum at Bilang ng Taon sa Serbisyo

Mga Baryabol	<i>Pearson r - value</i>	Deskripsiyon	Sig. (2 tailed)	Interpretasyon
Antas ng Kasanayan sa Pagtatayang Pangklasrum sa mga Asignaturang Filipino vs. Bilang ng Taon sa Serbisyo	0.116	<i>Very Weak relationship</i>	0.534	Walang makabuluhang kaugnayan

Tanong bilang 4. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino at edukasyong natamo ng mga kalahok?

Ipinapakita din sa talahanayan 4.0 ang kaugnayan ng antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino at edukasyong natamo ng mga kalahok. Sa isinagawang PMCC, lumabas na ang *value* ng *Pearson r* ay -0.003 na nangangahulugang **walang kaugnayan** ang dalawang baryabol na sinubok. Naitala din na *probability value* ng antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino at edukasyong natamo ng mga kalahok ay 0.988 kung saan masasabing **walang makabuluhang kaugnayan** ang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino at edukasyong natamo ng mga kalahok. Makikita sa datos na ang mga gurong nakapagtapos lamang ng *Bachelor's Degree* ay mas mataas ang nakuhang iskor kaysa sa mga mayroong yunit sa Masteral at nakapagtapos ng *Master's Degree*.

Sa pag-aaral nina Gonzales at Aliponga (2012) na pinamagatang *Classroom Assessment Preferences of Japanese Language Teachers in the Philippines and English Language Teachers in Japan*, nalaman ding walang kaugnayan ang bilang ng taon sa pagtuturo sa antas ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum. Ibig ding sabihing, ang mga gurong mayroong *Bachelor's degree*, *Master's degree* at *Doctorate degree* ay mayroong halos parehong kakayahan sa pagtatayang pangklasrum sapagkat ang kanilang natamong edukasyon ay walang nakitang kaugnayan sa kanilang kasanayan sa pagtataya. Sa madaling sabi, ang bilang ng taon sa pagtuturo ay hindi batayan ng antas ng kasanayan sa gawaing pagtataya.

Sa isinagawa ding panayam sa mga kalahok, nabanggit ni kalahok 5 ang pahayag na “*aminado akong tama silang lahat, subalit naniniwala rin akong hindi sa lahat ng pagkakataon sapagkat maraming naturingang doctor, o nagtapos ng master's degree ngunit hindi naman nagrereflect sa kanilang performance as teacher*”. Nangangahulugan sa kanyang pahayag na ang natamong edukasyon ng mga kalahok ay walang kaugnayan sa nakuha nilang marka batay sa *Classroom Observation Tool (COT)* na ginamit na instrumento upang mataya ang kasanayan ng mga guro. Idinagdag pa niyang “*para sa akin, case to case basis pa rin kasi andami kong nakilalang guro sa dibisyong ito na napakagaling magturo, magbigay ng mga pagtataya at naging epektib na guro ngunit wala namang titulo.*”

Sinang-ayunan din ito ni Kalahok 6 nang sinabi niyang “*Hindi batayan ang edukasyong natamo ng isang guro para sabihing mataas na ang antas ng kanyang kasanayan sa pagtatayang pangklasrum kasi maraming baguhang guro diyan o sabi pa mga fresh graduate pero magagaling at mahuhusay at nakakabuo sila ng mga pagtataya na angkop sa lebel ng kanilang mga mag-aaral.*”

Sabi naman ni kalahok 10 “*Para sa akin depende sa sitwasyon yan, kung yon bang edukasyong natamo mo ay talaga bang pinasukan at pinag-aralan mo. Posible kung seryoso ka,*

syempre may malaking kontribusyon. Pero kung hindi, at para lang sa papel ito mawawalan ng silbi ang edukasyong natamo mo”

Halos ganoon din ang kahulugan ng nabanggit ni kalahok 16. Aniya, *“depende sa isang guro o sa isang tao kasi may mga teacher na nakapagtapos na ng PhD o Ed.D ganyan, pero kung titingnan natin sa kanilang pagtuturo, parang hindi sila ganun kagaling o kahusay gumawa ng mga tanong. Pero mayroon ding mga teacher na kung saan PEC lamang ang kanilang natapos pero mas magaling pa sila sa mga nakapagtapos ng Ed.D at Ph.D o Master’s degree.”*

Idinagdag din ni kalahok 24 nang sinabi niyang *“naniniwala rin po ako na nagdepende pa rin sa tao kasi kahit Ph.D. ka na o Ed.D. hindi ibig sabihin na alam na alam mo na lahat o mataas na ang antas ng iyong kasanayan kasi may iilang guro na doctor na ngunit hindi naman mahusay.”*

Ipinahayag din ni kalahok 27 na *“hindi basehan ang edukasyong natamo ng isang guro para sabihing mahusay na siya o sila sa pagtatayang pangklasrum”*.

Ang mga nabanggit na kalahok ay sumusuporta din sa kinalabasan ng pag-aaral kung saan malinaw na sinasabing ang edukasyong natamo ng mga kalahok ay hindi maiuugnay sa taglay nilang antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino.

Talahanayan 5.0

Kaugnayan Ng Antas Ng Kasanayan Sa Pagtatayang Pangklasrum Sa Mga Asignaturang Filipino at Edukasyong Natamo ng mga Kalahok

	<i>Pearson r</i>	Deskripsyon	Sig. (2 tailed)	Interpretasyon
Antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino vs. edukasyong natamo ng mga kalahok	-.003	Walang kaugnayan	0.988	Walang makabuluhang kaugnayan

Tanong bilang 5. Ano-ano ang mga dahilan ng kalakasan ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino?

Batay sa isinagawang panayam sa kalahok, natuklasan ng mananaliksik ang mga dahilan ng kalakasan o pagkakaroon ng mataas na antas ng mga guro sa kanilang kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino.

Unang nabanggit ng 11 sa mga 32 na kalahok na ang **pagdalo sa mga seminar, palihan at mga pagsasanay** ay malaking tulong sa kanila upang patuloy na madagdagan ang kanilang kaalaman at makasabay sa mga pagbabago kaugnay sa pagtatayang pangklasrum. Ang mga sumusunod ay pahayag ng mga kalahok:

Kalahok 1:

“Ang mga nakukuha kong kaalaman mula sa mga trainings, seminar-workshops at sa iba pang komperensya. Doon natutunan ko kung paano yong mahusay na pagtuturo gamit ang explicit teaching. Tapos pinagawa kami ng summative test na pweding magamit namin sa klase”.

Kalahok 2:

“Ganun pa rin sa trainings pa rin, halimbawa nung sumali kami sa PRIMALS training. Tinuruan kami doon kung paano yong tamang paraan ng pagtatayang hindi makakalito sa mga mag-aaral gaya ng paggawa ng mga tanong. Sa training na yon naturuan kami kung paano gawing ispesipiko, deretsahan, at direct to the point ang pagtatanong walang paligoy-ligoy lalong-lalo na sa panitikan”.

Kalahok 3:

“Sang-ayon din ako na makakatulong talaga yaong mga trainings, seminars, workshops at kung ano-ano pang pagsasanay na yan. Kasi, maliban sa nakakatulong, nababalikan mo rin ang mga nakaraang leksyon sa kolehiyo. Nadadagdagan din nito, napapaunlad ang ating mga sarili at nagkakaroon tayo ng tiwala sa sarili dahil alam na po natin kung ano at paano ito gagawin.”

Kalahok 6:

“Ang pagdalo sa mga palihan, workshops, seminars, ang siyang magiging daan para mas mahasa at mapagtibay pa yong ating kasanayan sa kung ano yong tama at sa kung ano yong dapat gawin alinsunod sa kung paano tayo magmarka at magbigay ng puntos sa ating mga mag-aaral.”

Kalahok 7:

“Sa pagdalo sa mga iba’t ibang seminars o convention kasi marami kang matutuklasang bagong kaalaman.”

Kalahok 8:

“Ganun lang din ang sagot ko, sa seminars din.”

Kalahok 10:

“Para sa akin ahmm, yaong pagsali sa mga palihan. Trainings, workshops at iba pa dahil marami kang matutuhan.”

Kalahok 15:

“Sa akin doon sa trainings”

Kalahok 16:

“May malaking naitulong yong pagsali ko sa mga seminars, trainings, at workshops ganun.”

Kalahok 22:

“Sa pamamagitan ng pagsali sa mga samu’tsaring trainings, palihan, workshops, at syempre sa paaralan din. Kasi ang lahat ng mga ito ay malaking tulong upang ma-upgrade ang lahat ng iyong natutunan at mula rito, magkakaroon ka ng kaalaman o iba’t ibang istrategiya kung paano magturo at paano maghanda ng mga pagtataya na naaayon sa skills ng mga bata.”

Kalahok 29:

“Mas maging mataas ang antas ng kasanayan ng guro kung ipapadala sa mga trainings ang mga guro para marami silang matutunan na pwede nilang magamit sa pagtuturo.”

Nabanggit din ng mga kalahok na ang **pagkakaroon ng tiyaga at dedikasyon ng guro sa kanyang pagtuturo** ay isa ring dahilan ng pagtaas ng kanilang kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa asignaturang Filipino. Ang dedikasyong taglay nila ay nagsisilbing pangganyak upang mas lalo nilang napabubuti ang anomang gawaing may kaugnayan sa pagtataya. Malinaw itong ipinahayag ng mga sumusunod na kalahok:

Kalahok 4:

“Idadagdag ko rin po yong dedikasyon natin sa pagtuturo. Kasi kung gaano mo kamahal ang iyong pagtuturo gumaganda yong paraan ng iyong pagtatanong kasi mahal mo kaya pinagpaguran mo. Sa pamamagitan ng internet ay nakapagsasaliksik ka ng mga bagong istrategiya, paraan at impormasyon.”

Kalahok 18:

“Kung matiyaga kang magreview sa mga bata ay talagang magkakaroon ka ng mataas na MPS at mula diyan tataas yong antas ng iyong kasanayan so far yun yong para sa akin.”

Kalahok 24:

“Tataas ang antas kung hindi tatamarin si titser sa kanyang mga responsibilidad.. Kung nasa kanya pa rin ang dedikasyon at pagmamahal sa pagtuturo.”

Kalahok 32:

“Syempre kung matiyaga akong gumagawa ng mga pagtataya na swak sa lebel ng mga bata.”

Ang ikatlong dahilang sinabi ng mga kalahok batay sa naging panayam sa kanila ay **pag-unawa sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral**. Ang kaalaman sa taglay na antas ng mga mag-aaral ay nagbibigay umano sa kanila ng ideya upang maiangkop ang mga paraan ng pagtatayang gagawin sa loob ng klasrum. Halos ganito rin ang naging sagot ng mga sumusunod na kalahok:

Kalahok 5:

“Nagkakaroon ako ng mataas na antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum kung una, alam ko ang lebel ng pag-iisip ng aking mga estudyante. Kung mataas ang kanilang nakuha sa pagsusulit na aking ibinigay meaning nauunawaan nila ang aking itinuturo nangangahulugang mataas rin ang aking MPS.”

Kalahok 9:

“Pinakamaigi sa lahat na kilalanin mo kung anong uri ng mag-aaral ka mayroon. Nang sa gayon mapag-isip-isip mo kung ano bang gawain ang pinaka-applicable o talagang gagamitin na angkop sa lebel ng ating mga mag-aaral. Kasi mapapawalang bisa kasi kung gusto mong kunin ang mataas gayong ang kaya lang ng mga mag-aaral mo ay mababa lang.”

Kalahok 10:

“Kailangan talaga unang-una alamin mo kung sino ang mga mag-aaral mo. At kung ano yong kapasidad nila, hindi lang sa kanilang isip maging sa kanilang paggawa.”

Kalahok 20:

“Isa sa mga dahilan ng pagkakaroon ng mataas na antas ay ang kilalanin ang mga mag-aaral, tingnan dapat ng guro ang kanilang kanya-kanyang kakayahan.”

Kalahok 27:

“Dapat yung learning competency ay angkop sa kanilang lebel kaya magkakaroon ka talaga ng mataas na antas.”

Samantala, ang **kaalaman at kahandaan ng guro sa kanyang pagtuturo** ay nabanggit din ng mga kalahok na isa sa mga dahilan ng kalakasan nila sa pagtatayang pangklasrum. Kapag kabisado ng isang guro ang paksang kanyang tatalakayin, alam din niya ang tamang paraan kung paano ito tatayahin. Gaya na lamang ng sinabi ng mga sumusunod na kalahok:

Kalahok 21:

“Magiging mataas ang iyong kasanayan kung ito ay napaghandaan nang mabuti. Halimbawa, ang lahat ng pagtataya at gawain na iyong ibibigay ay nakaayon sa kanilang lebel at uri ng mga mag-aaral gayundin sa kanilang interest.”

Kalahok 23:

“Nagkakaroon ng mataas na antas kung pinaghandaan ng guro ang kanyang pagtuturo, kasi nagiging maayos ang daloy ng pagkatuto ng mga bata ang performance tasks na iyong ibinibigay ay akma at angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral.”

Kalahok 27:

“Kung may mastery ka, kung mastered mo yong subject mo. Ibig sabihin, napag-aralan mo ang iyong leksyon. Kaya nasa mastery level yan.”

Kalahok 30:

“Kung handa ako sa aking ituturo.”

Kalahok 31:

“Dapat handa ako sa aking ituturo.”

Sa pangkalahatan, ang pagdalo sa mga seminar, palihan at mga pagsasanay, pag-unawa sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, pagkakaroon ng tiyaga at dedikasyon sa pagtuturo at ang taglay na kaalaman at kahandaan sa pagtuturo ng mga guro ang apat (4) na dahilan ng mga guro sa kanilang pagkamit ng mataas na antas ng kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa asignaturang Filipino.

IV. Kongklusyon

Mula sa mga pagsusuri ng mga datos at mga pagtutuos-istadistikal na isinagawa, ang mga sumusunod na kinalabasan ay inilahad.

Natukoy na ang pangkalahatang antas ng kasanayan ng mga kalahok sa pagtatayang pangklasrum partikular sa kasanayan ng mga gurong magdisenyo, pumili, bumuo, at gumamit ng mga pagtatayang diagnostic, pormatibo, at sumatibo, mga estratehiyang alinsunod sa pagpapaunlad ng kurikulum ay may antas na “lubhang kasiya-siya” (very satisfactory). Ibig sabihin, ang mga guro ay nasa proseso ng consolidating na nangangahulugang ang mga guro ay gumagamit ng mga magkakaugnay na mga aspeto ng pagtuturo sa mga pagtatayang pangklasrum at palagiang nakahanay sa paglinang ng mga mag-aaral at sumusuporta para sa tagumpay ng mga mag-aaral ay nasa antas na Integrating batay sa DepEd Order blg. 42 serye ng 2017.

Samantala, batay naman sa baryabol na bilang ng taon sa serbisyo, ang gurong mayroong 1-5, 6-10 at 11-15 taon sa pagtuturo ay may antas na “lubhang kasiya-siya” (very satisfactory) kung saan ang mga guro ay masasabing nasa proseso ng consolidating. Ang mga guro na may kasanayan sa antas na ito ay masasabing gumagamit ng mga magkakaugnay na mga aspeto ng

pagtuturo sa mga pagtatayang pangklasrum at palagiang nakahanay sa paglinang ng mga mag-aaral at sumusuporta para sa tagumpay ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang mga gurong nagtuturo nang higit sa 16 taon ay mailalarawang “napakahusay” (outstanding) ang kanilang kasanayan sa pagdisenyo, pagpili, pagbuo, at paggamit ng mga pagtatayang diagnostic, pormatibo, at sumatibo, mga estratehiyang alinsunod sa pagpapaunlad ng kurikulum. Ang mga guro na nakakuha ng antas na ito ay nasa proseso na rin ng integrating kung saan ang mga guro ay mayroong kakayahang gumamit ng magkakaugnay-ugnay na aspeto sa pagtatayang pangklasrum upang makabuo ng kapaligirang tumutugon sa isahan at pangkatang layunin sa pagkatuto.

Sa baryabol naman na edukasyong natamo (Educational Attainment), natuklasan ding ang mga gurong nakapagtapos ng Bachelor’s Degree, pati na ang mga gurong mayroong mga yunit sa Doctoral at yaong nakapagtamo ng Doctorate Degree ay may “napakahusay” (outstanding) na antas sa kanilang kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa asignaturang Filipino. Ang mga kalahok na nakakuha ng antas na ito ay nasa proseso na rin ng integrating kung saan sila ay mayroong kakayahang gumamit ng magkakaugnay-ugnay na aspeto sa pagtatayang pangklasrum upang makabuo ng kapaligirang tumutugon sa isahan at pangkatang layunin sa pagkatuto.

Samantala, ang mga kalahok na may mga yunit ng Masteral o nakapagtamo ng Master’s Degree ay may antas na “lubhang kasiya-siya” (very satisfactory) sa kanilang kasanayan sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino. Ang mga gurong nasa antas na ito ay masasabing nasa proseso ng consolidating kung saan gumagamit na sila ng mga magkakaugnay na mga aspeto sa mga pagtatayang pangklasrum at palagiang nakahanay sa paglinang ng mga mag-aaral at sumusuporta para sa tagumpay ng mga mag-aaral.

Napag-alaman ding ang bilang ng taon sa serbisyo at natamong edukasyon (Educational Attainment) ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtatayang pangklasrum sa mga asignaturang Filipino. Ibig sabihin, ang mga bilang ng taon sa serbisyo ng mga guro ay walang kaugnayan sa kanilang kasalukuyang antas.

REFERENCES

- [1] Airasian, P. Classroom Assessment, New York: McGraw-Hill, 1994, pp. 162-178.
- [2] Aleta, A. (2017). Anim na Aspekto ng Pag-unawa sa Markahang Pagsusulit sa Filipino. De La Salle Lipa High School Department. Lipa, Batangas. Hinalaw mula sa <https://www.dlsu.edu.ph/wpcontent/uploads/pdf/conferences/arts-congress-proceedings/2017/paper-3.pdf>
- [3] Alkharusi, H. (2011). Teachers' classroom assessment skills: influence of gender, subject area, grade level, teaching experience and in-service assessment training. Journal of Turkish Science Education, 8(2).
- [4] Aquino, A., Ramos, N., Nolasco, C. (2015). Perceptions, skills and problems on assessment in undergraduate programs in a state university Extension Campus in the Philippines

- College of Teacher Education, Batangas State University ARASOF, Nasugbu, Batangas, Philippines
- [5] Azarcon, R. (2017). Teachers` perceptions of classroom assessment skills and literacy: an inquiry to the teachers of teachers Bulacan State University College of Education, City of Malolos, Bulacan, Philippines, 3000. International Journal of Emerging Multidisciplinary Research
- [6] Badayos, P. B. (2008). Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/ sa Filipino – mga teorya, simulain at istrategya. Valenzuela City: Mutya Publishing House.
- [7] Badayos, P. B. (1999). Metodolohiya sa pagtuturo ng wika (Mga Teorya, Simulain at Istrategya). Makati City :Grandwater Publications and Research Corporation.
- [8] Badayos, P. B. (2008). Metodolohiya sa pagtuturo ng wika (Mga Teorya, Simulain at Istrategya). Makati City :Grandwater Publications and Research Corporation.
- [9] Barandon, S. at Atian, D. (2016). Awareness and Utilization of Classroom Assessment Techniques in Higher Education: The Case of a State College in Bicol. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 4, No. 2, May 2016
- [10] Belvez, P. (1991). Ang guro at ang sining ng pagtuturo. Manila: Philippine Normal University
- [11] Cohen, D. at Hill, H. (2000). Instructional policy and classroom performance: the mathematics reform in california. Teacher's College Record, 102, 294-343.
- [12] Delosa, J. at Morales K. (2015). Assessment literacy of pre-service teachers and the ncbs domain. IAMURE International Journal of Education ⇒ vol. 13 no. 1
- [13] DepEd Order no. 8, (2015). Policy guidelines on classroom assessment for the k to 12 basic education program
- [14] DepEd Order no. 42 s. (2017). Assessment of Teachers' performance. IPCRF
- [15] Fuglei, M. (2014). How teachers use student data to improve instruction. Hinalaw mula sa <https://resilienteducator.com/classroom-resources/how-teachers-use-student-data-to-improve-instruction/>
- [16] Garillo, M. (2019). A content analysis of the assessment practices of grade 3 teachers. Hinalaw mula sa <https://ejournals.ph/article.php?id=14396>
- [17] Gonzalez, R. at Callueng, C. (2014). Classroom Assessment Practices of Filipino Teachers: Measurement and Impact of Professional Development. Asian Psychological Services and Assessment. International Journal of Evaluation and Research in Education (IJERE) Vol.5, No.1, March 2016, pp. 82 ~ DOI: 10.13140/2.1.1950.3685
- [18] Gonzales, R. at Aliponga, J. (2012). Classroom assessment preferences of japanese language teachers in the philippines and english language teachers in japan. University of Santo Tomas Graduate School, Manila, Philippines, 2 Kansai University of International Studies, Hyogo, Japan
- [19] Hailaya, W. (2014). Teacher Assessment literacy and students' outcome in the province of tawi-tawi, Philippines. The University of Adelaide.
- [20] Lasaten, R. (2016). Assessment methods, problems and training needs of public high school teachers in english. International Journal of Languages, Literature and Linguistics, Vol. 2, No. 2
- [21] Linn, R. at Miller, M. (2005). Measurement and assessment in teaching (9thEd.). Upper Saddle River, NJ: Merrill-Prentice Hall.
- [22] Kubiszyn, T. at Borich, G. (2007). Educational testing and measurement: Classroom application and practice, (8th ed.). New Jersey: John Wiley & Sons.

- [23] Liwanag, L. (2012). Pagtataya ng natutuhan. Pamantasang Normal ng Pilipinas. Hinalaw mula sa http://slidegur.com/doc/350844/pagtataya_edited---guro-sa-filipino#
- [24] Parnaz, D. at Vali, S. (2010). "A Review of Studies on Alternative Assessments in EFL language. Cambridge University.
- [25] Plaga, S. (2016). Principles of classroom assessment.
- [26] Salvador-janer, S.(2013). Personal factors that relate to the assessment practices of science teachers. IAMURE International Journal of Education⇒vol. 5 no. 1
- [27] Serra, V., Gómez, G., Sáiz, M. (2014). What are we missing? spanish lecturers' perceptions of their assessment practices. Innovations in Educations and Teaching International. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 3, No. 3, August 2015
- [28] Sumera, E. (2018). Self-efficacy and utilization of alternative assessment among physical education teachers. Philippine EJournal.
- [29] Villamero, R. (2014). Teachers' assessment strategies for children with disabilities: a constructivist study in regular primary schools in negros oriental, philippine. Special and Inclusive Education – Erasmus Mundus, University of Roehampton, University of Oslo, and Charles University Autumn 2014
- [30] Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Cambridge, MA: Harvard University Press.
- [31] Zamora (2016). Pagtataya sa Modularisasyon ng K-12 sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Modelo ng Ebalwasyon para Kagamitang Panturo na Tutugon sa Ika-21 Siglong Kasanayan.
- [32] Zhang, Z. at Burry-Stock, J. (2012). Classroom assessment practices and teachers' self-perceived assessment skills. The University of Alabama. https://www.esf.edu/assessment/documents/assessmentpracticesandt_skills.pdf